## Ano ang mga natatanging karapatan at pangangailangan ng Marginalized Women?

**Kababaihang Moro at Katutubo**

Kinilala at iginagalang ng Magna Carta of Women ang mga natatanging karapatan ng mga babaeng Moro at katutubo na isabuhay at ingatan ang kanilang kultura, mga tradisyon, gawi, at uri at pamamaraan ng pamumuhay.

**Batang Babae (may edad 18 pababa)**

Nangunguna sa ilalim ng Magna Carta ang karapatan ng mga batang babae na madulutan ng serbisyong pang-edukasyon at pangkalusugan. Isinaalang-alang sa batas ang kultura, tradisyon at relihiyon ng grupong kanilang kinabibilangan. Halimbawa, ang mga batang Moro ay may karapatang mag-aral sa Madaris, maliban sa mga karaniwang pampubliko at pribadong paaralan.

**Senior Citizen (may edad 60 pataas)**

Ang mga nakatatandang kababaihan ay dapat igalang, alagaan, at bigyan ng matiwasay na buhay. Karapatan nila na hindi maabandona at maging ligtas sa pang-aabuso, karahasan, pagsasamantala at diskriminasyon.

**Kababaihang Migrante**

Sagutin ng Pamahalaan ang kaligtasan ng mga babaeng migrante laban sa pang-aabuso at karahasan habang naghahanap buhay sa ibang bansa, tulad sa *"illegal recruitment"* at *"human trafficking".* Dapat silang mabigyan ng proteksyon at matatakbuhan sa panahon ng anumang uri ng krisis.

**Women in Especially Difficult Circumstances**

Sila ay may karapatan sa serbisyong medical, sikolohikal, legal at pinansyal mula sa Pamahalaan at mga ahensya nito.

## Mga Batayang Pangangailangan ng Marginalized Women

⇒ Sapat na Pagkain

⇒ Disenteng Pamamahay

⇒ Disenteng Trabaho

⇒ Proteksyong Sosyal

⇒ Kababaihan sa iba't-ibang larangan

  * Mga Babaeng Atleta

  * Mga Babaeng Pulis at Sundalo

⇒ Kababaihan sa Prosesong Pangkapayapaan

### MGA DEPINISYON

**Gender and Development** - perspektibong pangkaunlaran na kumikilala at nagbibigay halaga sa papel ng mga babae sa kaunlaran at nagtataguyod ng kanilang partisipasyon sa pagkakamit nito.

**Gender Mainstreaming** - istratehiya ng Pamahalaan upang maalis ang diskriminasyon laban sa kababaihan at masiguro ang pagkakapantay-pantay ng mga babae at lalaki sa lahat ng orasx

**Diskriminasyon** - anumang pag-uuri, eksklusyon o restriksyon batay sa kasarian na naglalayon at nagiging sanhi ng hindi pagkilala, paggalang at pagtamasa ng mga babae ng kanilang mga karapatan o kalayaan.

**Women Empowerment -** Pagkakaroon ng mga babae ng mga oportunidad na dati-rati'y nakalaan lamang sa mga lalaki.


For more information, please contact:

**GENDER AND DEVELOPMENT OFFICE**

Phone: (043)728-9844 loc. 1165
E-mail: gad@tanauancity.gov.ph
FB Page: fb.com/GADtanauancity


**TANAUAN CITY**

**Gender And Development Office**

# Magna Carta of Women

## *R.A. 9710*



## Ano ang Magna Carta of Women?

⇒ Ito ay komprehensibong karapatan ng kababaihan na naglalayon na maalis ang diskriminasyon sa kanila sa pamamagitan ng pagkilala, pagprotekta at maisakatuparan ang pagtataguyod ng karapatan ng mga Pilipino lalo na ang mga nasa maliit na bahagi ng lipunan

⇒ Layunin nito na itaguyod ang husay at galing ng bawat babae at ang potensyal nila bilang alagad ng pagbabago at pag-unlad, sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap sa katotohanan na ang mga karapatan ng kababaihan ay karapatang pantao.

## Sino ang saklaw ng Magna Carta of Women?

⇒ Lahat ng babaeng Pilipino, anuman ang edad, pinag-aralan, trabaho o hanap-buhay, propesyon, relihiyon, uri o pinagmulan ay saklaw ng Magna Carta. Binibigyan ng batas na ito ng nabubukod na pansin ang kalagayan ng mga batang babae, mga matatanda, mga may kapansanan, mga babae sa iba't-ibang larangan, *"Marginalized Women"*, at *"Women in Especially Difficult Circumstances"*.

*"Marginalized Women"* - mga babaeng mahirap o nasa di panatag na kalagayan. Sila ang mga wala o may limitadong kakayahan na matamo ang mga batayang pangangailangan at serbisyo. Kabilang dito ang kababaihang manggagawa, maralitang taga-lungsod, magsasaka at manggagawang bukid, mangingisda, migrante, at kababaihang Moro at Katutubo.

*"Women in Especially Difficult Circumstances"* - mga babaeng nasa mapanganib na kalagayan o masikip na katayuan tulad ng mga biktima ng pang-aabuso at karahasan at armadong sigalot, mga biktima ng prostitusyon, "illegal recruitment", "human trafficking' at mga babaeng nakakulong.

## Ano ang diskriminasyon laban sa kababaihan?

⇒ Ano mang gawa na naglalayon na limitahan ang karapatan ng kababaihan na makilala o tamasahin ang oportunidad, benepisyo o pribilehiyo.

⇒ Diskriminasyon na may kinalaman sa estado ng buhay tulad ng edad, kahirapan o relihiyon.

## Anu-ano ang karapatan ng kababaihan?

### 1 Proteksyon Laban sa Pang-aabuso at Karahasan

Bawat babae ay may karapatang maging ligtas sa lahat ng uri at anyo ng pang-aabuso at karahasan—pisikal, sekswal, emosyonal, at mental—kabilang ang mga karahasan ng Estado. Halimbawa ay ang pananakot, pambubugbog, panggagahasa, prostitusyon, at *"human trafficking"*.

### 2 Kaligtasan sa Panahon ng Kalamidad, Krisis, atbp.

Bawat babae ay dapat unahin sa pagbibigay ng proteksyon at kaligtasan sa panahon ng sakuna at kalamidad tulad ng pagbaha, lindol, sunog at iba pang krisis.

### 3 Pantay na Representasyon at Partisipasyon sa Pulitika at Pamamahala

Bawat babae ay may karapatang bumoto, tumakbo sa eleksyon, at manungkulan sa anumang pwesto sa pamahalaan. Karapatan din niyang magtayo, lumahok o mamuno sa mga *"non-government organization"* (NGO) at mga samahang may kaugnayan sa pulitika at sa pulitikal na kalagayan ng bansa. Pwede din siyang maging kinatawan ng pamahalaan sa internasyunal na antas at lumahok sa mga gawaing pang-internasyunal.

### 4 Pantay na Pagturing ng Batas

Bawat babae ay may karapatang proteksyunan laban sa lahat ng diskriminasyon sa ilalim ng batas.

### 5 Pantay na Pagkakataong Magkamit ng Edukasyon

Karapatan ng bawat babae ang makapag-aral at matamo ang mga biyaya ng edukasyon. Karapatan din nila ang sumailalim sa mga makabagong pagsasanay upang pahusayin at palawakin ang kanilang mga kaalaman at kakayahan. Ipinagbabawal ng Magna Carta ang anumang uri ng diskriminasyon sa larangan ng edukasyon. Isang halimbawa ang pagbabawal sa hindi pagtanggap o pagtanggal sa paaralan ng mga babaeng guro o estudyante dahil sa pagbubuntis nang hindi kasal

### 6 Mabigyan ng Komprehensibong Serbisyong Pangkalusugan

Bawat babae ay may karapatang makatanggap ng komprehensibong serbisyong pangkalusugan. Sadyang karapatan din niya bilang babae na magpasya ukol sa bilang at pag-aagwat ng mga anak, na magkaroon ng pantay na responsibilidad ang kalalakihan sa mga pag-aalaga at pagpapalaki ng anak, at ang pangangalaga sa kanyang kapakanan at kalusugan sa pagtatrabaho sa loob at labas ng bahay.

### 7 Pantay na Karapatan sa mga Usapin ng Pag-aasawa at Pagpapamilya

Gagawa ng nauukol na hakbang ang pamahalaan upang maalis ang diskriminasyon sa kababaihan sa lahat ng usaping may kinalaman sa kasal at relasyong pampamilya at sisiguruhin nito ang:

- Parehong karapatan na pumasok at lumabas sa kasal o relasyong sibil na ayon sa Family Code na walang pagkiling sa personal na paniniwala at relihiyon;
- Parehong karapatan na malaya at buong-loob na pumili ng mapapangasawa at magpakasal;
- Magkasamang pagdedesisyon ng babae at lalaki kung ilan ang anak at kung kailan magkakaanak, at magkaroon ng edukasyon, impormasyon at pamamaraan upang matamasa ang karapatang ito.